

# 1

“Mmm... tastes better than *Ketcharap!*” komento ni Arabelle sa nilutong lechon condiment para sa pa-party ng kanyang kaibigan.

It was homemade banana ketchup. Bilang isang research and development analyst sa pinagtatrabahuhang ketchup factory, ang *Ketcharap*, na-memorize na niya by heart ang ingredients niyon at kayang-kaya na niyang lutuin nang walang kodigo.

Pero ang ginamit niyang recipe ngayon ay malapit sa original na timpla ng *Ketcharap*. Currently, nakakawalong palit o upgrade na ang nasabing factory sa recipe ng kanilang prized condiment. At masasabi niyang malayo na ang diperensya nito sa orihinal, lasang-lasa na ang artificial ingredients.

“Come here, join *Mang Tomas*,” she said as she placed the red sauce condiment next to the brownish sarsa, “and give porky lechon moral support to grace this occasion.” Nang masiyahan sa nakitang bonding ng pulang ketchup, sarsa at chopped lechon sa ibabaw ng berdeng dahon ng saging, nabigkas ni Ara ang, “Perfect!” Pinagdaop niya ang dalawang palad at pinagpag ang imaginary dust.

Hinubad na niya ang kanyang apron para makihalubilo na sa mga bisita. Kung siya lang ang masusunod ay mas masaya siyang manatili sa kusina. But Marian, the hostess of the occasion, insisted that she joined the visitors.

May panghihinayang na ini-hang niya sa sabitan ang bigay nitong custom-made apron na may logo ng *El Gloriana Resort and Restaurant* na siyang pasisinayaan ngayon. Nakaburda pa ang pangalan niya.

“Arabelle!” narinig niyang tawag nito.

“Susunod na ako, Marian,” aniyang isinungaw ang ulo sa kitchen ng restaurant. “Asikasuhin mo na lang ang mga bisita mo. I’ll be fine.”

“Isa ka sa mga bisita, remember? Hindi ako babalik sa reception nang hindi kita kasama.”

Napabuntong-hininga si Ara sa paninindigan ng hostess. “Okay, just a moment, please.”

Nagmadali na siyang naghugas ng kamay, nag-retouch at sabay silang dumulog sa piging.

Iniupo siya nito sa mesa kasama ang mga business partners ng asawa nitong si Rafael. Acquainted na siya sa mga ito mula nang ikasal si Marian. At isa pa

ay magkapitbahay lang ang *Ketcharap* at ang *Amena* ng mga ito. Nadatnan nilang ketchup ang topic of conversation.

“Mas gusto ko ang banana ketchup kesa tomato ketchup,” pahayag ni James at sinubuan ng lechon tidbit ang two-year-old daughter nitong kalong ng asawang si Ina.

“Yan din ang preference ng mas nakararaming Filipino consumers. No wonder kung bakit kumikita ang mga local manufacturers ng banana ketchup,” ani Rafael. “Right, Ara?”

Dahil doon ay pansamantalang napukol sa kanya ang atensyon ng mga kasalo niya sa mesa.

“Yup. Mula nang ma-formulate ni Maria Orosa ang recipe ng banana ketchup, naging part na ito ng hapag-kainan ng bawat pamilyang Pilipino.” She spoke with high regard to the country’s pioneer food technologist.

Nasulyapan niya sa harapan ang big boss at presidente ng *Amena*—the egoistic and arrogant chauvinist, Benjamin Fortaleza! Hinding-hindi niya malilimutan ang araw na naranasan niya ang pagka-chauvinist nito. At nangako siya sa sarili na hinding-hindi na hahayaan pang maulit iyon.

He looked perfectly handsome today with a beautiful girlfriend by his side. Napansin niyang hindi masyadong sweet ang binata rito. Ni hindi man lang nito masubuan o malagyan ng pagkain sa pinggan ang nobya. Samantalang si Girlfriend naman ay parang panginoon na pinagsisilbihan si Boyfriend.

Mabuti pa ang Yuzon and Torralba couples, kahit lampas na sa courting stage ay sweet pa rin sa isa't isa.

“Anyway, Ara, is this a variant of *Ketcharap*?” tanong ni Ina, sabay turo sa red condiment. “Or another brand? Frankly, I like this better.”

Natuwa naman siya dahil marami ang nasarapan sa kanyang niluto. Pero sa ngayon ay confidential pa ang tungkol dito. “*Ketcharap* pa rin,” aniyang nakangiti. “Nilagyan ko lang ng kaunting twist.”

Naudlot ang pagpapaliwanag niya nang magsalita si Benjamin. In his usual high and mighty tone na animo nasa board meeting.

“Then perhaps it’s about time na i-consider ninyo ang ‘twist’ na ’yan para mag-improve ang lasa ng product ninyo.”

Naghagilap ng maisasagot si Ara. The impertinent arrogant was initiating a fight again.

Kung tutuusin ay dapat siyang matuwa dahil panig sa ipinaglalaman niya ang opinyon ni Benjamin; dapat nang palitan ang current recipe ng *Ketcharap* dahil lasang chemical na ito sa dami ng artificial ingredients. Pero hindi pinapansin ng research and development head at ng management ang suggestion niya.

*Mind your own business*, ang gusto niyang isagot sa binata, pero pinigil niya ang sarili na maibulalas iyon pagkat labis nitong ikagagalak kapag napikon siya. The gorgeous businessman had a fondness in winning even in little debates like this. Hindi siya papayag na ma-provoke uli ang temper niya. Two years ago, ginalit siya nang husto ni Benjamin para mapasunod sa gusto nitong mangyari.

“Yes, Sir, perhaps.” Nakipagsukatan siya ng tingin sa negosyante. “Hayaan ninyo at makakarating sa consumers’ concern.” And then she added with sarcasm, “Thank you.”

“You’re welcome, Madam Analyst,” he answered in his very confident voice, then gave her a mocking smile.

*Yabang talaga! Paano kaya niya nalaman ang current position ko sa company?*

*Two years ago...*

“Pumayag kang maging maid of honor, ’tapos ngayon, ayaw mong gampanan ang duties sa kasalan na ito!” sumbat kay Arabelle ng best man na walang iba kundi si Benjamin Fortaleza na business partner ng groom. Okay lang sanang magmagaling ito kung nasa vicinity ng kanyang kompanya, pero hindi naman. At isa pa, hindi siya empleyado ng *Amena*.

“Excuse me, bridesmaid lang ako at napilitan lang akong mag-proxy sa original maid of honor.”

“Still, you accepted it. Now, don’t be childish. Bumalik na tayo sa reception area dahil kailangan na tayo doon,” maawtoridad na utos nito.

Napag-aralan niyang kamuhian ang mga diktador na kalalakihan, with the exception of her Lolo Lucio, mula nang matuklasan niyang isang malaking gulo sa buhay niya ang mga diktador na lalaki. That included her uncle, inconsiderate superiors and her domineering ex-boyfriend. Latest addition sa list niya si Benjamin.

“Ayokong mag-participate sa part na ’yan ng program. Ayoko!”

She was not a shy type of person. Lamang ay first time niyang makakahalubilo ang mga tao rito maliban sa bride. Kaya hindi siya komportable at hindi handa sa camaraderie activities tulad na lang ng ‘pretend-to-be-newlyweds’ kung saan gagayahin ng maid of honor at best man ang mga wedding reception rituals na una nang ginawa ng newlyweds.

“Fine. Hanggang sa subuan ng cake, kaya kong i-tolerate. Pero sa pagsusuot ng garter at wedding kiss, never!”

To her surprise, Benjamin burst out laughing in amusement. At siya ang pinagtatawanan ng makulit na lalaki. Kanina pa niya napapansin na bihira itong ngumiti, mabuti naman at marunong din pala itong tumawa.

“Yun lang pala ang ipinagkakaganyan mo. You should have told me para—”

“Para hindi mo na ako pinipilit?”

“No. Para ma-practice natin.” And he laughed again.

“Bastos!” galit na galit na sigaw ni Arabelle.

“Killjoy,” tugon nito na napalis ang ngiti sa mga labi.

“Maniac!” At mabilis niyang tinalikuran ang mayabang na lalaki.

“Alam ko na kung bakit ayaw mong isuot ko sa ’yo ang garter,” pahabol ng negosyante, determinadong mapapayag ang chinitang dalaga. Aba, sa kanya ini-assign ni Rafael si Ara. At kapag hindi niya ito nakumbinsi ay magiging malaking batik ito sa kanyang reputasyon. “You’re afraid that I might uncover your secret, right?”

“Sabihin mo kung ano’ng gusto mong sabihin. Basta ayoko!” Naglakad siya patungo sa dressing room para magpalit na ng damit.

“Now, I just confirmed your darkest secret, Lady.”

“Na ano?” puzzled na tanong ni Ara.

“Siguro, punung-puno ng buni at kung anu-anong skin diseases ang binti mo at natatakot kang mahawakan ko at malaman ng iba kaya ganyan na lang ang pag-iwas mo,” nakangising sagot nito.

She was flabbergasted! Kung may hawak lang siyang kutsilyo ay malamang isinaksak na niya ito sa binata.

“How dare you!” Pakiramdam niya ay umakyat lahat ng dugo niya sa ulo, kaya parang sasabog na



siya sa galit.

“Yes, and I’m daring you. Kung hindi totoo ang akusasyon ko, patunayan mong mali ako,” nagmamayabang na hamon nito. “Deal?” A triumphant grin was already pasted on his lips.

The next scene she saw was Benjamin acting like a victor hero when he successfully brought her back to the reception. Nakadagdag ito sa nararamdaman niyang inis sa binata.

“You guys almost missed your part,” salubong sa kanila ni Dennis, isang abogado at kaibigan din ng groom. “Kabado si Rafael na baka sumablay ang powers mo sa magandang dalaga na ito.”

Sa halip na humupa ang galit ni Ara dahil sa papuri ay lalo iyong nadagdagan. Para siyang isang prized caught fish na ipinagmamalaki ng mangingisda sa katauhan ni Benjamin.

Nilingon siya ng best man at tiningnan mula ulo hanggang paa.

For the first time since she preferred to wear a very short hairstyle, ngayon lang siya na-conscious. At ang damuhong si Benjamin ay patuloy siyang tinititigan na para siyang hinuhubaran.

“Oriental beauty features, slender arms and legs and silky white skin which I am yet to prove,” komento nito.

“May kabastusan ka talaga!” galit na galit niyang bulong dito. Ayaw niyang gumawa ng eskandalo, kaya tinalikuran na lang niya ang lalaki.

Maagap namang umagapay ang lalaki at padaskol na hinawakan ang kanyang kanang kamay at iniangkla sa matipuno nitong braso.

“Don’t you dare turn your back on me again. Kanina mo pa ako inaakusahang maniac at bastos, pero hindi ba kabastusan ding basta mo na lang tinatalikuran ang escort mo?” May awtoridad sa tinig at parang may bahid na ng iritasyon ang mga tingin nito kung kaya ipinasya na lang ni Ara na manahimik.

*Oh, this brute and his big ego!*

“There, mas maganda ka kapag hindi nagagalit. And I think you’ll be much prettier than Alodia, that local celebrity na kamukha mo raw, if you’ll learn to be submissive.”

---

But if Ara had just known before that she would be haunted by the memories of the sensual touch of

Benjamin's hand, hinayaan na lang sana niyang isipin nito na pulos buni ang binti niya. But of course, she proved him wrong.

Due to insistent public demand, nahilingan siya na magluto ng isa pang batch ng banana ketchup. It was a relief dahil magandang pagkakataon ito para makaiwas sa mapanuring tingin ng binata.

Habang hinihintay niyang maabot ng sauce ang standard consistency ay nagtunaw siya sa baso ng red food coloring at ipinatong iyon sa ibabaw ng mesa.

“Whoa! Look who's here!”

Nilingon ni Ara ang pinanggalingan ng tinig.

“Hi, Attorney!” masiglang bati niya kay Dennis. Mula nang maging acquainted siya rito noong kasal ni Marian ay naging kaibigan na rin niya ang lalaki. Madali niya itong nakasundo dahil natural ang pagkakalog nito at hindi kasing-seryoso ng ilang abogado.

Pero kaagad ding napalis ang ngiting iyon nang makitang kasunod nito si Benjamin. Hindi niya alam kung ano talaga ang nararamdaman niya sa negosyante. Lolokohin niya ang sarili kapag sinabi niyang hindi siya physically attracted sa guwapong binata, but he seemed like a torment to her.

Parehong naupo ang dalawa sa kitchen table kung saan naroon ang mga ginagamit niya sa pagluluto.

“Anything I can do for the two of you?” tanong niya habang isa-isang inaalís ang mga used utensils and ingredients sa lamesa. “Pasensya na, magulo pa ang mesa.”

“Okay lang. Hindi ka binigyan ni Marian ng assistant?” ani Dennis.

“Di na kailangan.” Na-conscious na naman siya sa sariling hitsura. May panginoon kasing biglang sumulpot sa kusina. Secretly, she had seen Benjamin’s gaze shifting from her to the casserole and back to her again.

“Sabagay, ano na lang ba ang isang kaserolang sauce na ’yan kumpara sa tone-toneladang niluluto ninyo sa *Ketcharap*.” Hinawi ng abogado ang ilang bagay na nasa mesa at ipinatong ang dalang briefcase. “Mind if we camp here for a while, Chef? May importante lang kaming idi-discuss ni Benj.”

“Sure. Kailangan ko bang lumabas? Tawagin mo na lang ako pagtunog ng alarm.”

“Hindi na, kami nga itong nang-aabala. Anyway, saglit lang ito at hindi naman masyadong confidential. Di ba, Mr. President?”

At sinimulan ng dalawa ang impromptu meeting.

Paminsan-minsan ay nahuhuli ni Arabelle na nakatingin sa kanya si Benjamin habang matamang nakikinig sa ipinapaliwanag ni Dennis. She really felt uncomfortable and naked under his intent look. Pakiramdam niya ay may malisya ang mga tingin na iyon, dahil hanggang ngayon ay hindi pa rin mawaglit sa isip niya ang nangyari noong kasalan.

Lihim siyang nagpasalamat nang magpirmahan na ang dalawang lalaki. Inakala niyang makakahinga na siya nang maluwig. Pero nagkamali siya dahil lalo siyang na-stress.

“Sumabay ka na sa amin pabalik ng Laguna, Ara. Kami lang naman ni Misis at ng dalawa kong chikiting ang sakay ng van.”

Papayag na sana siya nang magsalita si Benjamin. “Hanggang Alabang lang kayo, di ba, Dennis? Ako, dederecho ng Laguna, sa planta mismo. Sa akin ka na sumabay, Arabelle.”

*The man really has an attitude!* He was not offering a ride, he was ordering her to ride with him. “Thanks, but no thanks,” mariin niyang tanggi, sabay dampot sa red food coloring.

“Aw! Para sa akin ba ang ‘no’ na ‘yan o kay Mr.

President?”

“Arabelle, nagiging habit mo na ang pagtangga at magpapalit, that’s a sign of hypocrisy.”

Nagpanting ang tainga niya sa narinig. For the second time this day, he was provoking her temper again.

*The treasured male ego. Turn down his offer and you’re called a hypocrite!* sarkastiko niyang naisip. Bumilang siya ng hanggang sampu para magpakahinahon. “Mr. Fortaleza, ang mamilit ng taong ayaw ay hindi rin maganda.”

“Ehem! Gusto ko pa sanang maging Lakandiwa sa inyong Balagtas, pero mas makabubuti sigurong umeskapo na ako.” Isinara na ni Dennis ang briefcase at tinapik sa balikat ang kaibigan. “Balitaan mo na lang ako kung sino ang mananalo this time, Bro. And, Ara, pagbigyan mo na ’to. Nagkakasakit ’to kapag tinatangihan. Good luck!” Nakangisi itong umalis na tila aliw na aliw.

“Really, Mr. Fortaleza, I appreciate your kindness but there’s no need to oblige yourself to drive me home. I can manage.”

“We’ll see. Inform me when you’re done so we can go.” Buong-buo ang kumpiyansa ng lalaki na

hindi niya matatanggihan ang ino-offer nito.

*Oh God, what am I gonna do with this guy? Bahala ka nga sa buhay mo, Mr. Fortaleza!*

Ibinuhos niya sa kumukulong sauce ang hawak na food coloring at pagkatapos ay padabog na inilapag iyon sa mesa sanhi ng pagkatumba niyon at pagkatapon ng laman.

Mabilis na kumilos si Benjamin at naghagilap ng maaaring pamunas sa mesa bago pa man tumulo sa sahig ang pulang likido. Sa kasamaang-palad ay hindi basahan ang nadampot nito kundi ang prized apron na may nakaburdang ‘Arabelle’.

Huli na nang mapansin ito ni Ara, kaya napatili siya nang makita ang creamy white apron na naging scarlet red.

“Ay, no!” Umalingawngaw sa malawak na kitchen ang tiling iyon.

Now, she really had a concrete reason to hate Benjamin.

## 2

“Mabuti naman at nakompleto din tayong tatlo,” nasisiyahang pahayag ni Benjamin sa dalawang kasosyo.

Dinayo pa niya ang dalawang kaibigan dito sa planta ng *Amena* sa Laguna dahil kung hihintayin niya na ang mga ito ang pumunta sa kanya sa main office sa Makati ay malabong mangyari.

Pareho nang family man sina James at Rafael at pawang mayroong responsibilidad sa negosyo, asawa at anak. Sabagay ay hindi naman napapabayaang ng mga ito ang tungkulin sa kanilang kompanya. Kaya lamang ay nagkukulang na sila ng panahon na magkasama-sama. Hindi lamang for bonding purposes kundi sa personal na konsultasyon regarding their new and fresh ideas.

“Sa conference room ba tayo magmi-meeting o sa office ni Rafael?”

“Okay na dito,” tugon niya. “Informal meeting lang naman ito. Gusto ko lang hingin ang opinion ninyo about a different marketing strategy bago ko i-suggest sa board.”



“Mabuti pa, doon tayo sa terrace sa third floor. Sasabihan ko lang ang sekretarya kong mag-akyat ng refreshment,” desisyon ni Rafael.

Nang nasa terrace na, hindi kaagad sila nag-usap-usap tungkol sa issue. They spent a short time for little talks.

“Diyan nanggaling ang *Amena*,” ani James habang nakapako ang tingin sa katabing gusali ng *Amena*, ang *Fragrance Laboratories* o *FraLab*.

“Seems like yesterday,” segunda ni Benjamin.

Mula nang makaipon sila ng sapat na puhunan na pambili ng makinarya at pantayo ng planta, tuluyan nang humiwalay ang *Amena* sa *FraLab* para tumayo sa sarili nitong mga paa.

Iyon din ang naging hudyat ng paglaya ni Benjamin sa tyrannical niyang lolo at ama na hindi lang masunod ang kaliit-liitang kapritso ay disinheritance kaagad ang panakot. Ilan na nga ba sa kanyang mga kamag-anak at kapatid ang naging miserable ang buhay dahil sa blind obedience sa patriarka ng angkan?

“At nagpapasalamat ako sa inyong dalawa for encouraging me to join the company,” saad ni Rafael.

“Baka magkaiyakan pa tayong tatlo, simulan na natin ang meeting,” natatawang turan niya, siya ang initiator ng maraming bagay sa *Amena*.

Sa kanilang tatlo ay si Benjamin ang pinakamasigasig sa pangangalaga at pagpapalago ng kompanya.

Matapos makahanap ng kani-kanilang puwesto sa furniture set na naroon ay sumeryoso na sila para pag-usapan ang tungkol sa ikabubuti ng negosyo.

“May marketing strategy akong na-research sa Internet. Originally, hair care product ang gumamit ng ganitong strategy, pero naisip kong baka umakma rin sa perfume products.”

“Let us hear it then.”

“Peer pressure approach ang tawag. Sa paid ad ay, magpapakita ng statistics kung ilang porsyento sa total number of consumers ang gumagamit ng product na ini-endorse. Let say for example, sixty percent. Ipi-peer pressure ng sixty percent user ang natitira pang forty percent ng consumer para tangkilikin o at least, i-try ang produkto.”

“Mukhang promising. What can you say, Raf?” kaagad na sabi ni James.

“I agree. Ang magiging challenge lang sa atin, sino ang endorser na magre-represent sa sixty percent product user.”

Ang kasunod nilang tinalakay ay kung sino sa mga local celebrities ang puwede nilang kunin na endorser. Bagaman women’s perfume ang pino-produce ng *Amena*, they considered some male celebrity endorsers to balance the gender sensitivity of the paid advertisement.

“So much for marketing issue. Anymore agenda, guys?” tanong ni Benjamin.

“Actually, Benj, kahapon lang ay napag-usapan namin ni James ang tungkol sa pag-create ng bagong variant ng perfume, o kahit cologne lang. Pero hindi siya magiging regular variant, di ba, James?”

“Yes. Parang anniversary special offer lang ng *Amena*, Benj. Hindi na rin natin masyadong ia-advertise.”

“Maganda ’yan. Meron na ba kayong forecast o market projection niyan?” excited na tanong niya. Natutuwa siya sa pagiging responsable ng dalawang kasosyo. “Buti naman at may time pa pala kayo para sa *Amena* at hindi puro asawa at anak na lang ang umookupa sa isip ninyo.”

Lihim siyang napangiti nang maalalang walang ipinag-iba sina James at Rafael kay Dennis—ang yabang ng abogado sa courtroom, pero pagdating sa asawa ay tiklop. Inamin din ni Dennis na wala pa itong naipanalong argumento sa asawa.

They became an easy slave to their wives, and worse, the two big, tough men were being manipulated by their kids!

Malaki na ang ipinagbago ng dalawa. Dati-rati, pare-pareho sila ng likaw ng bituka, wika nga. Pero ngayon, kuwalipikado na ang mga ito para manominate sa *Model Husband Award*.

Napailing siya. *I can't imagine submitting myself to every whim of a woman.* Kasama na sa standard operating procedure o SOP niya ang hindi panunuyo ng babae lalo na kung obvious na nag-iinarte lang ito. He had no time for that kind of nonsense.

“Unang variant prospect ko ang baby cologne,” ani Rafael with an air of a proud daddy. “Marami sa ating mga customers ang may baby na o at least, may kasamang babies sa bahay. So, they might be glad to share *Amena* fragrances with their toddlers.”

Speaking of being manipulated by babies!

“Tungkol naman sa information campaign,”

singit ni James, “puwede na tayong hindi kumuha ng celebrity endorser. My little Niña and Raph can do the task. What do you think, Benj?” Ang dalawang taong gulang na anak ni James at isang taong gulang na anak ni Rafael ang tinutukoy nito.

“Alam na ba ng mga commander-in-chiefs ninyo ang tungkol diyan? Knowing your wives, I won’t meddle in that matter,” natatawa niyang biro sa mga ito.

“Approved na kay Marian.”

“Same with Ina.”

Napabuntong-hininga na lamang si Benjamin dahil sa relief at disbelief. “Talagang kahit sa business, nasa isip n’yo pa rin ang mga precious babies ninyo. I won’t be surprised anymore if one day, magising akong sina Niña at Raph na ang co-signatories ko sa tseke.”

The two tough men laughed with much pride and happiness. Same pride and happiness he felt whenever he thought and talked about *Amena*.

“Dati, ayaw na ayaw kong natatali sa isang bagay,” pahayag ni James. “That’s why I chose to be freelance. But now, I found myself tied up in my little one’s bib string.”

“Me too,” segunda ni Rafael. “My child’s bib string and my wife’s apron string.”

And they continued to laugh at themselves.

“Mag-asawa ka na, Benj, para maranasan mo rin ang joy of fatherhood and husband’s glory.”

“Husband’s glory? I refuse to be tied up in a woman’s apron string. Isa pa, kontento na ako sa *Amena*. Sapat na muna ito para maranasan ko ang joy and glory.”

“We’ll see about that, Mr. Fortaleza. Pero bago ’yan, kailangan ko na muna kayong iwan ni James. May invitation sa atin for a formal lunch ang kapitbahay natin,” paalam ni Rafael. Bilang bise presidente ng kompanya na opisyal na naka-reside sa planta ay tungkulin nitong i-represent ang *Amena*.

“Sa *FraLab*?” Nagtatataka si Benjamin kung para saan ang social lunch na iyon at kung ano ang okasyon sa *FraLab* na hindi niya alam. Kahit naman bumukod na siya ng planta ay updated pa rin siya sa pinanggalingang kompanya dahil miyembro pa rin siya ng pamilyang nagmamay-ari niyon.

“Nope. *Ketcharap*. Actually, sa ’yo naka-address ang invitation, but since I’m your VP, obligado akong um-attend.”

“Ano’ng okasyon?” Bigla siyang nagkainteres nang marinig ang *Ketcharap*. He wondered why he didn’t hear anything from Ara. Talaga nga yatang nagalit na ito nang tuluyan sa kanya.

“Dumalaw sa kanila ang chairman ng *Bochong-Sy Group of Companies, Ltd.* na mother company ng *Ketcharap*. Gusto raw maka-bonding ang mga fellow capitalists.”

“For that reason, I must attend the occasion.”

“Are you sure?” di-makapaniwalang turan ni Rafael. Nagtataka ito dahil bihira siyang mag-attend ng ganoong okasyon. “That’s a relief for me, Benj. Mayroon kasi akong appointment mamayang alas dos. So, paano? Enjoy your lunch.”

“Surely,” he answered, thinking of seeing the good-looking lady with oriental features again. *She’s beautiful in a calm mood, and outrageously alluring when her temper is provoked.* His mind beamed with unconscious excitement thinking of Arabelle. *Ano kaya kung ligawan ko siya? Ah, no. Bad idea. She must come to me first.*

Pero paano mangyayari iyon? Ni hindi nga siya kinausap nang maayos ng dalaga mula nang gawin niyang basahang apron nito. He offered to buy a

*His Tempting First Lady - Alexie Aragon*

---

replacement nang araw ring iyon, pero ni hindi niya ito napababa nang idaan niya sa department store ang kotse.

He felt stupid whenever he remembered that incident. Daig pa niya ang 'takusa' na sinusuyo ang asawang naglililihi at ilang ulit din siyang nag-sorry!

She really had the guts to choke him with her fingers. At first time niyang nag-tolerate ng ganoong sitwasyon sa buhay. Worse, hindi man lang nito na-appreciate ang effort niya. *I must see that capricious woman.*



# 3

“Ate Ara!”

Matinis na tili ng R&D laboratory aide ang sumalubong kay Ara pagpasok niya nang umagang iyon.

“Marmie, hello! Kumusta ang R&D habang wala ako?” Kadarating lang niya mula sa Japan. Mahigit isang buwan siyang namalagi roon para sa isang Advanced Food Technologists Seminar. All expenses paid ng kompanya.

“Okay lang, Ate Ara, peaceful and quiet.”

Kahit assistant R&D analyst ang posisyon niya sa planta, iginiit niya na ‘Ate’ na lang ang itawag sa kanya ng mga regular at contractual lab aide ng kanilang department. In that way, magiging at ease sa kanya ang mga subordinates. She hated to be the commanding superior or even to sound bossy.

“Pero ’Te, na-miss ka ng mga lab aides, promise. Pati ng cooking at pre-mix section ng production department.”

“Hay naku! Nambola pa kayo.” Natatawa niyang

inilapag sa laboratory kitchen table ang dala-dalang paper bag na naglalaman ng kaunting pasalubong—candies, goodies at key chains from Japan for the entire research and development department. “Here, pagpasensyahan n’yo na lang ang nabitbit ko. Alam n’yo namang may time limit ang pag-stay ko sa Japan.”

Kaagad na dinaluhong ng mga lab aides ang mesa. Natuwa naman siya na kahit papaano ay napasaya niya ang mga kasamahan. Ang mga close co-workers and friends na lang ang maituturing niyang pamilya sa ngayon.

She was orphaned at a young age. Kinupkop siya ng ilang kamag-anak at nang magkolehiyo ay mas pinili na niyang manirahan sa dormitory.

Wala na siyang contact sa mga relatives sa mother side niya at hindi naman siya close sa mga kamag-anak niya sa father side. She celebrated special occasions with co-workers and friends at kung minsan ay naaalala siyang imbitahin ng ilang kamag-anak.

“Ate Ara, ipagbubukod ba namin si Madam Brigida at si Sir Michael?”

“Si Michael, oo. Huwag na si Madam Brigida,” tugon niya bago magaan ang loob na tinungo ang

connecting door na nag-uugnay sa R&D office at laboratory kitchen. Hindi naman naa-appreciate ng superior ang effort niya, how much more the humble candies and key chains?

Michael was her peer. Pareho silang assistant ng R&D head analyst na si Brigida. But the stern old lady favored Michael than her dahil malayong kamag-anak nito ang lalaki. Sa totoo lang, first time niyang naka-attend ng out of the country training dahil laging si Michael ang isinusugo ng matanda. Mabuti na lang at required na ang magkaroon ng female participants ngayon, kung hindi ay hindi pa rin niya mae-experience ang ganoong extensive training.

Limang sealed envelope, isang gift box at isang lantang bouquet ang nadatnan niya sa mesa. Tiningnan niya ang mga envelopes na pawang business letters. Ang box ay walang pangalan ng sender. Kasunod niyang dinampot ang bulaklak. Bago pa man niya buklatin ang card ay itinapon na muna niya sa basurahan ang mga lantang rosas.

May ideya na siya kung kanino galing iyon—kay Dr. Harry Chen a.k.a. her ex-boyfriend. Mas devoted ito sa pagiging negosyante kaysa sa pagiging doktor. He owned a chain of diagnostic clinics and at the same time, he was the company doctor of *Ketcharap*. Ito ay

dahil sa kamag-anak nito ang may-ari ng kompanya.

*Hey Sexy, care to have dinner with me?*

*Harry*

“Sexy your face.” Nilamukos niya ang card at ibinato kasama ng mga bulaklak. Kung noon siguro ay baka kandarapa pa siyang mag-prepare ng dinner para rito at ng pasalubong sa nosy-parker nitong ina. “Not now, not ever again, Harry Chen. Isa ka na lang anino ng kahapon.” Sa hindi niya malamang kadahilanan ay nanliligaw muli sa kanya ang doktor.

Okay naman sana ang relasyon nila, pinipilit niyang ignorahin ang pagiging bossy nito dahil nga mahal niya. Pinilit din niyang pakisamahan ang ina nitong two thumbs down ang hatol sa kanya. Niyaya siya noon ni Harry na mag-live-in na sila pero nag-demand muna siya ng kasal, kahit civil wedding lang. Pumayag ito pero kinontra iyon ng sana ay magiging biyenang niya. The old lady won and they broke up.

*Well, hindi na ako galit sa 'yo. Only that, nang mawala ang hatred ko, kasabay na nag-fade ang pagmamahal ko para sa 'yo.*

Isa-isa niyang pinulot ang mga flower petals na nalagas sa ibabaw ng mesa. Napangiti siya nang ubod-tamis nang may maalala. Sa ganoong tagpo ay naabutan siya ni Michael.

“Welcome back, Arabelle! Para saan ang ngiting ’yan?” nanunukso nitong tanong.

“For my comeback. Na-miss ko kayo, siyempre.”

“I doubt that. Let me guess.” Kunwa’y nag-isip muna ito. “Dahil may nakilala kang Hapon o dahil sa roses ni Doc?”

“None of the above... teka, binasa mo ba ang card ko?”

“Of course not!” tanggi nito. “Delivered personally kaya ’yan. Sabi ni Doc Harry, kapag napasagot ka niya, kasalan na daw agad. Isipin mo, gan’on ka niya kamahal.”

“Ha?” Hindi niya maintindihan ang pinagsasabi ng kausap. Ang alam lang niya ay nanliligaw uli ang ex-boyfriend, pero wala naman itong binabanggit tungkol sa kasalang pinaplano.

“May dala pa nga siyang tikoy noon, ipinabibigay daw ng mama niya. Pero ipinakain na lang sa amin. Sayang naman daw kung mapapanis.”

*His Tempting First Lady - Alexie Aragon*

---

There, talagang may mali sa nagaganap. Hindi kataka-takang manligaw uli si Harry dahil kahit paano ay naramdaman niyang minahal siya nito. Pero ang marriage issue at pagbibigay ni Mrs. Chen ng tikoy? It was beyond her imagination.

Naglakbay ang isip niya sa nakaraan...

*“Ako, hindi payag kasal ka sa anak ko, Arabelle. Sige, live-in kayo, pero kasal, hindi! Ikaw, no good kay Harry!”*

*Paulit-ulit na nagpe-play sa utak ni Ara ang mga panlalait na iyon ni Mrs. Chen. Pinuntahan pa siya nito sa mismong planta at isinama pa ang babaeng gusto nito para sa anak.*

*Ang gusto nitong mangyari ay pakasalan ni Harry ang babae at siya ay maging kabit lang. Palibhasa, second wife lang ang ginang ng ama ni Harry, kaya inisip nitong magandang set-up ang gayon dahil ayaw siyang i-give up ng nobyo.*

*Pagkatapos niyon ay pinuntahan niya si Harry sa clinic. Nag-usap sila nang masinsinan.*

*“So hindi mo ako kayang pakasalan, but you want to keep me as your mistress? Magsama kayong mag-ina!”*

*His Tempting First Lady - Alexie Aragon*

---

*Hilam sa luha na nilisan niya ang clinic. Dahil emosyonal at sumasakit na ang ulo, wala na siya sa mood magtrabaho, kaya nagpaalam siya sa quality control supervisor na mag-a-undertime.*

*“Miss Acosta, be professional. Lahat naman tayo dito sa production department ay may kani-kanyang personal na problema. Ang kaibahan lang, masyado mong dinidibdib. Hindi naman ’yan kasing-seryoso ng life and death.” Pinal na ang desisyon ng boss niya.*

*She really hated her super bossy superior. Napakagaling nitong mag-utos, magmando at mag-power trip sa mga casual employees na tulad niya, bihira namang makita ang presence nito sa loob ng production. Parati lang itong nasa air-conditioned office.*

*“Mr. Buñales, please naman po. Hindi ko—”*

*“No, Miss Acosta. Kulang ang tao ngayon. Kailangan ng QC aide sa micro section. Stay there until the end of the second shift.”*

*“Sir, supposed to be, two p.m. ang out ko sa regular sched ng first shift! Ten p.m. pa ang out ng second shift. And besides—”*

*“Do as I said.” At walang anumang tumalikod na ito.*

*His Tempting First Lady - Alexie Aragon*

---

...and besides, it's my birthday, gusto sana niyang idagdag. Pero alam niyang hindi rin siya maiintindihan ng power tripping superior.

Kung paano niya natapos ang sixteen-hour forced duty ay hindi na rin niya namalayan. Problema niya ngayon kung paano uuwi ng Alabang mula Cabuyao, Laguna gayong pasado alas diez na.

“QC Ara!”

Nilingon niya ang pinanggalingan ng tinig, ang receptionist iyon na si Marian. Mabait at palakuwento ang babae kaya madali niya itong nakapalagayan ng loob.

“Hi,” matamlay niyang bati.

“Himala, nag-overtime ka ngayon. Sabay na tayong lumabas.”

“Straight duty ako.”

“Ah, kaya pala para kang pagod na pagod. Anong oras ang pasok mo bukas?”

“Alas seis,” aniyang bahagyang suminghot. Hanggan ngayon ay parang maiiyak pa rin siya kapag naaalala ang mga nangyari kaninang umaga.

Nilait siya ni Mrs. Chen. Nag-break sila ng long-



time boyfriend. Napagtripan siya ng supervisor.

“Ano? Kukulangain ka na sa tulog, pagod ka pa sa biyahe. Mabuti pa, sa boarding house ka na matulog. Mas malapit ’yon. Mukhang babagsak ka na sa pagod, Friend.”

Pumayag siya dahil palagay na ang loob niya kay Marian. Solo nito ang inuupahang kuwarto kaya naging komportable siya roon.

“Siyanga pala, Friend...” anito nang handa na silang mahiga, “Happy Birthday. Pasensya na dahil wala akong regalo. Hindi ko naman kasi alam. Incidentally, nakita ko lang kanina sa Facebook.”

Para siyang timang na napaluha sa tuwa dahil may nakaalala sa birthday niya. Ang pangit ng buong maghapon niya pero, at least, bago natapos ang petsa, mayroong magandang nangyari.

“Thanks, Marian,” aniyang hindi napigil ang mapasinghot.

“Naku, bakit ka umiiyak? May nasabi ba akong –”

“Masaya lang ako, Marian. Don’t worry.” Pinilit niyang ngumiti kahit lumuluha.

Niyakap siya ni Marian. Maliit lang ito kumpara sa height niyang 5’7”. Pero sa puntong ito ay parang

*mas malaking tao ito na puwede niyang masandalan.*

*“Kaibigan mo ako, Arabelle. Nakahanda akong makinig.”*

*Nasumpungan niya ang sariling ikinukuwento rito ang lahat-lahat. “Siguro, it’s my destiny to please all the people around me. I’m spending my entire existence following orders.”*

*She had a vague memory of her childhood. Ang malinaw lang sa kanya, nakikitira siya sa malayong kamag-anak ng namayapang ina kaya kailangan niyang makisama sa mga ito. Pito ang anak ng kanyang tiyahin at medyo hikahos din sa pamumuhay.*

*Grade two na siya nang kunin ng tiyahin na kapatid ng kanyang ama. Naging maginhawa ang buhay niya roon dahil mayaman ang pamilya nito. Iyon nga lang, mas dumami ang dapat niyang pakisamahan, dapat mabigyan ng kasiyahan at hindi dapat madulutan ng anumang kahapisan dahil utang-na-loob niya ang pagpapatira sa kanya sa marangyang bahay.*

*Sa kasamaang-palad, namatay ang tiyahing kumupkop sa kanya at napunta naman siya sa isang pang kapatid ng ama niya. May isang rule itong ipinatupad sa kanya.*

*“Always do something splendid so your lolo and*

other relatives will accept you?” ulit ni Marian sa sinabi niya. “Grabe naman, parang hindi ka kadugo. Ano sila, panginoon?”

“Yan na ang base rule na sinusunod ko since childhood. Bawal na bawal akong makagawa ng anumang bagay na ikaka-disappoint nina Lolo at Uncle. Kasi pag nangyari’yon, tuluyan na nilang hindi kikilalanin si Daddy.”

Black sheep ang daddy niya; naglayas, nakabuntis, naging miserable ang buhay dahil hindi makahanap ng matinong trabaho. Pero kahit ganoon, naramdaman niyang mahal na mahal siya nito. Nakamatayan na nito ang galit ng lolo niya.

“May iniwang sulat sa akin si Daddy bago sila namatay ni Mommy. Pinapangako niya ako na paglaki ko, gawin ko ang lahat ng paraan para magustuhan ako ni Lolo at mapatawad siya nito.”

“Hay, pasan mo ang daigdig. Kumusta naman, nakakailang ganda points ka na kay Lolo?”

“Ewan ko. Parang walang weight lahat ng effort ko. Taun-taon, may honor ako sa school pero ni minsan ay hindi siya nag-attend ng recognition ceremony. N’ung college, I graduated cum laude, hindi pa rin nag-attend. Pero, at least, nagpadala ng regalo.”

*His Tempting First Lady - Alexie Aragon*

---

*Sinabi ng uncle niya ay hindi raw gusto ng lolo niya ang kanyang kursong pinili—Bachelor of Science in Food Technology. Dapat daw ay may kinalaman sa negosyo. Pero noong tinanong siya ng matanda kung anong kurso ang kukunin niya ay hindi naman ito nag-oppose. Pakiramdam pa nga niya ay natuwa ito. Hindi lang niya naintindihan kung ano ang sinabi dahil sumagot ito sa wikang Mandarin.*

*“Kumusta naman ’yung jowa mong doctor na animo panginoon din kung umasta, mahal mo ba talaga siya?” Halata ang pagkadisgusto nito sa kasintahan ng kaibigan.*

*“Oo naman. Kaya nga kahit karagdagang boss ko pa silang mag-ina ay kinakaya ko, kasi nga mahal ko siya.”*

*May pagka-bossy si Harry, pero gentleman din kung minsan. Gusto ay palaging ito ang tama.*

*“Nayayabangan ako kay Doc Harry. Grabe kung makapag-utos sa aming mga receptionists, hindi naman kami clinic staff! Nagtataka nga ako kung paano ka nakakapagtiyaga sa kanya...”*

*“Break na kami.” Muli siyang napasigok. “Kanina lang...”*

*“Well then, congratulations, Friend! Hindi ka*

*liligaya sa piling ng mga taong puro sarili lang ang iniisip.”*

*“Pero, Marian, I love him.”*

*“Akala mo lang ’yon. Pero soon, masasabi mo, ‘ang tanga-tanga ko talaga, bakit ako na-in love sa diktador na ’yon?’”*

*Hindi na siya nag-react sa sinabi ng kaibigan. Tahimik na lang niyang iniluha ang kabiguan sa pag-ibig.*

*“Hindi lang ang unggoy na ’yon ang lalaki sa mundo, Ara.” Marian dramatically paused. Binigyan nito ng time na mag-sink in sa utak niya ang sinabi nito. At nang matiyak na hindi na siya sumisigok ay saka ito nagbiro. “Alam mo naman, di ba, marami akong boyfriends. Bibigyan kita ng isang pamalit sa ex mo. Iisipin ko lang saglit kung sino’ng babagay sa personality mo...”*

*“Not another overbearing creature, please.” Alam niyang mga imaginary persons lang iyon. Pero okay lang, at least mada-divert ang atensyon niya.*

*“Dahil masyado ka nang exhausted sa kasusunod sa mga whims and demands ng mga tao sa paligid mo, perhaps it’s about time na ang leading man mo naman ang gumawa ng effort para mapasaya ka, di ba?”*

*His Tempting First Lady - Alexie Aragon*

---

*“Yung tipong gagawin at iiwan ang lahat para sa akin?”*

*“Tumpak.”*

*“Walang ganyan sa real life.”*

*“I know one real person who did that. And he’s not just an ordinary person. Hindi rin basta-basta ang isinakripisyo niya para sa tinagurian niyang ‘for the woman I love’.”*

*“King Edward VIII of Great Britain?”*

*“See, meron naman, di ba? Gaano naman kaya ang inihaba ng hair ng girlfriend niya?”*

*Oh, how she envied Wallis Simpson! Imagine, nag-abdicate sa throne si King Edward VIII nang hindi pumayag ang Parliament at other members ng royal family na pakasalan niya ang twice divorced American girlfriend. Come to think of it, puwede naman nitong gawing mistress o kept woman ang babae. Pero seryoso talaga ang hari na pakasalan ang nobya.*

*Gaano kadakila ang pag-ibig na ito?*

*“Go, girl. Find your own Edward. Huwag mong panghinayangan ’yung diktador na ’yon.”*

*Marahan siyang tumango at tumimo sa isip niya*

*His Tempting First Lady - Alexie Aragon*

---

*ang pangaral na iyon ng kaibigan.*